

Papel na binasa sa 15<sup>th</sup> Conference on *West Visayan History & Culture* ng Center for West Visayan Studies ng UPV-Iloilo noong November 18-19, 2004 sa University of San Agustin, Iloilo City

## *Ang Kasarian at Rehiyon sa mga Sugilanon ni Alice Tan-Gonzales*

Genevieve L. Asenjo  
vvasenjo@gmail.com

Metaforikal na espasyo ang mga sugilanon ni Alice Tan-Gonzales sa ating pagkatuto hinggil sa isyu ng kasarian at sa salasalabid na usapin ng rehiyon-pambansa-global. Ito ang tesis ko at sa pagpapatunay, umpisahan ko sa pagbalita na kontra-gahum (counterhegemonic) si Alice Tan Gonzales. Alam na natin na ang gahum - salitang Kinaray-a, Hiligaynon, Cebuano, at gusto kong paniwalaan na ngayo'y Filipino na - ang ginamit ni Dr. Isagani Cruz bilang pantukoy sa hegemony.

Ani Cruz sa “Ang Papel ng Kritiko’t Kritika sa Ating Lipunan,” ang gahum na ito ang sanhi o ugat ng ideolohiya na umiiral sa ating lipunan sa kasalukuyan. Ang ideolohiya, para kay Cruz, “ay ang mga bagay-bagay o paniniwala o kilos at asal na inaakala nating tama kahit na hindi natin iniisip. Sa ibang salita ay sentido komun ang ideolohiya”(12).

At ano ang gahum na ito na nagpapairal ng mga ideolohiya sa binubuo nating literatura ng bansa na isang materyal na basehan sa ating pagkabansa?

Alam na natin ang sagot mula sa mga pag-aaral-akda ng pangunahin nating mga kritiko at iskolar tulad nina Bienvenido Lumbera (*Revaluation 199; Writing the Nation/Pag-aakda ng Bansa*); Cruz (*Bukod na Bukod*); Resil Mojares (*Waiting for Mariang Maikling*); Soledad Reyes (*The Romance Mode in Philippine Popular Literature & Other Essays*); Caroline Hau (*Necessary Fiction; On the Subject of the Nation*); Rolando Tolentino (*Sa Loob at Labas ng Mall Kong Sawi/Kaliluha’y Siyang Nangayayaring Hari: Ang Pagkatuto at Pagtatanghal ng Kulturang Popular*), at Epifanio San Juan, Jr. (*Beyond Postcolonial Theory; Hegemony and Strategies of Transgression*, etc.).

Lahat sila tumutumbok sa kolonyalismo at neyokolonyalismo bilang ugat ng nanatili nating makadayuhang pag-iisip at pag-uugali. Kaya “the haunting of the Filipino writer,” sabi ni Mojares. Pagiging “bukod na bukod” natin, sabi ni Cruz, hindi lamang sa literatura ng mundo kundi sa isa’t isa dala ng ating “multilingual, multigeneric, multisubcultural” na reyalidad. Kung kaya’t ginigiit nilang dapat nating kilalanin at itanghal ang reyalidad na ito kasama ang popular na literatura tulad ng komiks at romance novel na tinuturing ni Reyes bilang subersibo, at ang kulturang popular na nakikita ni Tolentino bilang makapangyarihang espasyo ng/sa tunggalian at mediasyon. Gayundin ang tinatawag ni Hau sa kanyang pag-aaral na “excesses” – “that which informs and generates the vision of ‘the nation’ but which cannot be fully grasped or encompassed” tulad halimbawa ng literatura ng tinu(tu)ring na “banyaga o dayuhan” (Chinese-Filipino) at literatura ng manggagawa at OFW. Sa ideyal na kalakaran, dapat at kailangang pantay at magkasabay ang lahat ng ito, sa bawat hakbang natin sa pag-aakda ng bansa (sa termino ni Lumbera), na hindi lamang isang “imagined political community” tulad ng sinasabi ni Benedict Anderson, kundi isang bansa na ginigiit ng ating mga iskolar at kritiko na may sarili nang ‘historicity’ at ‘specificity’ bago pa man ang karamihan sa atin maging Kristiyano at maging Amerikano.

Sino naman si Alice Tan-Gonzales?

Isa siyang propesor ng literatura sa University of the Philippines sa Visayas sa Miagao, Iloilo na nagtapos ng Master of Arts in Literature sa Ateneo de Manila University at kasalukuyang kumukuha ng kanyang Ph.D. in Creative Writing sa University of the

Philippines, Diliman. Sa kasaysayan ng kontemporaryong panulatan sa Western Visayas na nagsisimula noong 1986 dala ng maraming pagbabago sa gobyerno tulad ng pagbigay ng mga writers and workshop grants ng Cultural Center of the Philippines sa mga indibidwal at grupo ng mga manunulat sa loob at labas ng Manila, isa si Tan-Gonzales na nahikayat sumulat sa Hiligaynon pagkatapos ng isang worksyap sa National Arts Center sa Mt. Makiling noong 1988. Nasa early thirties na siya noon: isang asawa, ina, guro. Nang taong iyon, nanalo ang kanyang unang sugilanon sa patimpalak na isponsor ng *Yubum Magazine*. Pagkatapos, tuloy-tuloy na siyang sumulat sa Hiligaynon bunsod ng halos magkasunod-sunod na panalo sa CCP Writing Grant: para sa koleksyon ng sugilanon noong 1990; para sa pagsulat ng nobela noong 1991; para sa pagsulat ng dula noong 1994; para sa pagsulat ng sugilanon-pambata noong 1995, at noong 1997 sa pagbukas ng categoryang Hiligaynon sa divisyon ng maikling kuwento sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, nanalo siya ng pangalawa at pangatlong gantimpala, at unang gantimpala noong 1999, 2002, at 2003.

Isa itong pangunang pag-aaral sa mga sugilanon ni Tan-Gonzales. Pokus ko rito ang tatlo niyang sugilanon: 1) “Isa ka Pongpong nga Rosas” (“Isang Pumpon ng Rosas”) na nanalo ng pangatlong gantimpala sa Palanca noong 1997; 2) “Sa Taguangkan sang Duta” (“Sa Sinapupunan ng Lupa”) na unang gantimpala sa Palanca noong 2002, at 3) “Tag-ilinit sa Uma” (“Tag-init sa Bukid”) na napablis sa *Ani* (1989) at kasama sa reading list ng mga klase sa literatura at humanidades sa mga unibersidad at kolehiyo sa rehiyon tulad ng University of the Philippines sa Miag-ao, University of San Agustin, West Visayas State University, Central Philippines University, at Saint Anthony’s College sa Antique.

Gagamitin ko mismo ang mga Kanluraning teorya na naituro sa atin - at walang dudang nakaimpluwensiya kay Tan-Gonzales - sa pagpapakita kung paano siya napaloob, at lumampas, at kung gayon, nagpapatibay sa punto ng ating mga iskolar at kritiko at tumutugon sa panawagan na maging subersibo patungo sa proyektong dekolonisasyon. Kaya sa pag-umpisa, dinedeklara kong ipinagdidiriwang ni Tan-Gonzales ang “sari-sari” sa kasarian. Sa “Isa Ka Pongpong nga Rosas,” malay (conscious) ang tauhang babae, si Gemma. Inaangkin niya ang kanyang sama ng loob at kalungkutan. Sa *A Literature of Their Own*, tinatawag ito ni Showalter na proseso ng pagtuklas sa sarili, at kung gayon, sa identidad. Dito, naging biktima si Gemma ng patriarkiya. Naging kongkreto ito sa operasyon ng mito ng pagkabirhen ng babae na itinanghal ni Ronald, ang nobyo ni Gemma noong hayskul na tinuring niyang first love. Natapos ang kanilang magandang pangarap sa gabi ng una nilang pagtatalik noong JS Prom dahil sa paghahanap ni Ronald ng dugo: “Dugu lang ang ginpangita niya kag wala ko mahatag.”

Naging laboratoryo din ang kanyang katawan sa pagsakatuparan ng kuryosidad at agresyon ng kanyang Toto Dodoy. Pinasok siya sa banyo ng nakakatandang kapatid isang araw noong mga anim na taon siya: “Indi ko madumduman sang maayo ang iban nga detalye, pero nasiguro ko nga ginsuuk niya ang iya kamot sa akon lawas.” Kinukompronta rin niya ngayon ang pagkaroon ng mababang pagtingin sa kanyang sarili dahil sa paghihigpit-panghuhusga o ang pagmamay-ari sa kanya ng kanyang Papang, at ang kanyang kabiguan sa pagiging bank teller, na isang nakabobobong trabaho, para sa kanya. Ninanais ni Gemma, kung gayon, na lagpasan ang kanyang sitwasyon.

May kaligtasan ba siya? Saan at/o kanino ito matatagpuan?

Si Claire, direktor ng isang NGO for women, sexy at morenang female gay, ang nakipagdiwang sa kanya ngayong kaarawan niya. Ito ang nakikinig at umuunawa sa artikulasyon niya ng naratibo nga kanyang buhay. Ito rin ang muling bumigay sa kanya ng isang pumpon ng rosas, na pinaniniwalaan niyang senyal ng pagdating ng tunay na pag-ibig, matapos ang mahabang panahon.

Isang tradisyonal na simbolo ang rosas ng babae, pag-ibig at pagiging romantiko. Sa patuloy na paghangad at paniniwala dito nananahan ang kontradiksyon sa pagkakamalay ni Gemma. Ngunit malinaw din sa konteksto ng kuwento ang operasyon ng rosas bilang senyales ng tunay na pag-ibig at kung gayon, isang gabay sa desisyong gagawin, at hindi bilang isang metapora sa babae. At dahil sa pagkakataong ito sa isang female gay na nanggaling ang rosas at hindi sa ahensya ng patriarkiya, ipinaparating ng kuwento ang isang visyon at politika na isang alternatibong espasyo at pagkakataon ang female gay relationship upang makawala ang babae sa pagiging biktima ng patriarkiya.

Valid ang political choice na ito dahil na rin sa sinasabi ni Showalter na espesyal na karanasan ng kababaihan. Malinaw ito sa kaso ni Gemma. Sa hindi rin pagbuwag at/o pagpalit sa rosas, nabura ang kaibahan, maging ang superiority ng lalaki, sa ginawa ng isang female gay. Sa ganitong pagpokus sa kapangyarihan ng kaisipan at kakayahang pumili, pinatataob ng kuwento ang biological determinism at ipinagdidiriwang ang humanidad ng indibidwal sa kalayaan nitong pumili.

Ngunit wala, o wala pang nangyari kina Gemma at Claire dahil ayon sa huli, baka labas na pinaparusan lang uli ni Gemma ang kanyang sarili. Ayaw niyang mangyari iyon. Kaya pinapahinga niya muna si Gemma. Gayunman, naghiwalay sila na may pangako ng muling pagkikita. Nagsasara ang sugilanon sa muling pag-iisa ni Gemma, likop ng kalungkutang “kasubong sang madamul nga alipuop sa matugnaw nga kaagahon.”

Isang katuwang ng babae tungo sa lubusang pagkilala’t pagpapalaya sa sarili ang imahen ni Claire bilang isang female gay: hindi siya duplikasyon, o extensyon, ng patriarkiya. Karapat-dapat din punain na *gay* ang nilagay ni Tan-Gonzales sa mga bibig ni Claire sa pagtanghal ng kanyang kasarian, hindi tomboy o lesbian na may kaakibat na kasaysayan ng pangungutya’t persekusyon ng lipunan.

Sentral naman sa naratibo ng “Sa Taguanguan sang Duta” ang operasyon ng women’s time na sinasabi ni Julia Kristeva: naalala ni Elena ang isang pangyayari noong bata siya - nasaksihan niya ang kanyang Lolo Matias na naghahasik ng binhi na hubad sa gitna ng palayan isang madaling araw na maliwanag ang buwan. Ito ang tumulak sa kanya, ngayong alas kuwatro ng umaga, upang anyayahan ang banang si Andoy na pumunta sa palayan, dala ang binhi. Doon, inutusan niya ang bana na maghubad at maghasik ng binhi, na siya namang sinunod.

Sa cyclical na katangiang ito ng women’s time, kung saan buhay ang interseksyon ng noon at ngayon, nalalampasan ng babaye ang pagiging “frozen in time.” Pumapaindayog siya sa espasyo at panahon ng artikulasyon at pakikinig sa ritmo ng kanyang katawan na nagpokus sa kanya bilang aktibo. Klaro na ito ay isang pagbaligtad sa patriarchal binary thought - kung saan negatibo at pasibo ang babae, na isa sa mga pangunahing nilalabanan ni Helene Cixous.

Dahil aktibo siya. Siya ang tagamasid o gazer sa nagaganap sa panahong ito (na sa patriarkal na kaayusan ng buhay, lalaki ang tagagawa): pinapanood ni Elena ang bana na naghahasik ng binhi. Nang mapansin nito ang tumatayong ari ng lalaki, naisip nitong “tuman katahum sang laragway sang iya bana!” at “wala siya makahanda sa hinali nga pagpalanginit sang iya pus-on pakadto sa iya dapadapa.” Kaya tinawag niya ang bana. Nang sumagot si Andoy na “wala pa matapos,” kaagad siyang sumagot na “baliki lang karon,” na siya namang sinunod ng bana.

Buhay ang boses ng babaye. Ngumangalan. Nagbibigay direksyon. Sinusunod.

Pansinin halimbawa ang aktibong paglalarawan sa galaw, hakbang ng babae: “Indi makakas ang panulok sang babaye sa nagatiyundu nga pagkalalaki sang bana. Sang yara na ang bana sa iya atubangan, gintuki niya ang habol nga nagatabon sa iya lawas. Nakibut ang

lalaki sa iya nakita. Binutong siya sang babaye pahigda.” Makikitang bagama’t may manifestasyon ng machong reaksyon mula kay Andoy, pinipi siya’t nilumpo ng gahum ng asawa. Dito, naging espasyo ang katawan ng babae sa pagkilala ng kanyang pagnanasa. Mahalagang banggitin na ang mga galaw na ito – ekspresyon, metapora, abstraksyon – bumabalangkas, bumubuo, tumatanghal sa disiplina ng katawan. Klaro kung gayon na pinatataob din ng sugilanon ang disiplina ng isipan, na siya ring mahalagang katangian ng phallogocentric o machong kalakaran.

Dahil dito, naituro ni Elena sa bana ang pagkatutong makiramdam sa pagpitik ng tumutubong buhay sa sinapupunan ng lupa nang sa gayon, hindi na nito makayanang pumutol ng kahoy at ng lahat na ipinapanganak ng lupa. Ito ay dahil sa unang bahagi ng sugilanon, kinalbo ng chainsaw ni Andoy ang bukid sa kanilang lugar, na siyang naging dahilan sa pagkatigang ng lupa ngayon, at kung gayon, gutom sa hinaharap, na siyang mariing nilalabanan ni Elena.

Mailalarawan bilang pagkamit ng *jouissance* ang panahong ito para kay Elena. Gayunman, kapansin-pansin na ang *jouissance* na ito ay hindi nakakatig sa dinidiin ng mga feministang Pranses, partikular ni Cixous, na ‘difference’ o kaibahan ng kababaihan. Pinapataob ng teksto ang patriarkal na kultura gayundin ang siyensya at teknolohiya ngunit hindi rin nito ginigiit na kakaiba ang babae sa lalaki o yaong katulad ng paglalarawan ni Roland Barthes kay Kristeva bilang “the strange or foreign, woman.” Kumakatig ang sugilanon sa kalikasan, sa tinatawag ng mga modernong environmentalists na “Mother Earth.”

Muli, ang operasyon ng cyclical na katangian ng women’s time: pinababalik-tanaw tayo sa ‘noong unang panahon.’ Sa puntong ito, katumbas ng katawan ng babae ang kalikasan, partikular ang lupa, bilang espasyo. Pinag-aalayan ang lupang ito ng ritwal ng lalaki: ng kanyang Lolo Matias na naghubad at nakipagniig dito upang bumalik ang kaayusan ng buhay sa muling pag-usbong ng lupa. Maliwanag ang buwan nang isinagawa ang ritwal. Kapwa noon at ngayon. Sa madaling sabi, kinikilala ng lalaki at ipinagdidiriwang ang kanyang kaugnayan sa kalikasan-mundo, na isang Babae, at ang lahat na pinag-dadaraan nito: ang gulong ng walang katapusang pagkatigang at pagkayabong.

Masasabing esensyalist ang sugilanon sa puntong ito, at alam natin na kontra, lalo na ang mga radical na feminista, sa pagpapanatili ng ganitong representasyon at visyon. At dahil nagahum din tayo ng Kanluraning feminismo na ito (at nasa proseso pa lamang tayo ng pagteo-teorya), hindi kataka-taka kung gayon na tataas din ang ating mga kilay sa tila pagpapabalik sa atin ni Tan-Gonzales sa imahen ng babae bilang kalikasan. Sa puntong ito, alalahanin natin ang keywords mula sa mga pag-aaral ng ating mga kinikilalang iskolar at kritiko: *historicity*, *specificity* - na siya nating kaibahan, at gusto ko paniwalaang panlaban, sa “universalizing tendency” ng mga Kanluraning teorya na kalimitan, hindi sapat para magpaliwanag sa “multilingual, multigeneric, multisubcultural” na reyalidad ng ating literatura.

At ano itong specificity at historicity na kinakatigan ni Tan-Gonzales? Masasabi nating ang pananatiling pagiging agrikultural ng rehiyon, at ng bansa sa kabuuan, na natatabunan ng mito ng pag-unlad dala ng globalisasyon sa mga nakabanderang billboards at nagtataasang gusali sa syudad, pagsulputan ng mga call centers, ng fastfood outlets at internet cafes at mga kongkretong bahay sa gitna ng mga palayan sa kanayunan (katas ng dolyar mula ‘abrod’). Masasabi rin nating ang kulturang babaylan ng Panay. Sa yugtong *Taranghan I* ng epikong *Hinilawod* halimbawa, makikitang kapwa babae at lalaki ang babaylan at diwata. Alam din natin na sa pagkakataong hindi isang babae ang *baylan*, ito ay isang lalake na may katangiang *binabae*. Kinakatawan ito ngayon ng terminong female-oriented, na

pinapaniwalaang katangian ng mga kasalukuyang mananayaw, koryografer, maging dance critics. Pinoposisyon ng sugilanon, kung gayon, ang 'noong unang panahon' bilang espasyo at panahon ng buhay at pantay na inter-aksyon/interseksyon ng babae at lalaki.

Ito ang specificity at historicity ng sugilanon kung kaya't napaghanguan ng kaalaman ni Elena ang 'noon' upang maisaayos ang kanilang 'ngayon' ni Andoy sa gitna ng gahum ng kapitalismo: gradwado si Elena sa kolehiyo at pinili niyang lisanin ang bukid upang magtrabaho sa syudad. Nagtatrabaho siya sa isang pawnshop sa Iloilo City at umaasa siya sa pangako ni Mrs. Gomez na tataasan ang kanyang sweldo. Nangungupahan siya. Nasa bukid naman si Andoy at nag-aasikaso ng kanilang palayan. Tuwing Linggo lang sila nagkikita. Sa pag-uwi ni Elena. Paminsan-minsan, nakakadalaw naman si Andoy sa syudad. Ayaw pa ni Elena na magkaanak kahit pa palagian ang pangungulit ng bana tungkol dito.

Ito ang naging daluyan ng kanyang pagka-maaram o epiphany: 1) sa pagpaparanas ng ganuong ritwal sa bana, naging sensitibo ito at mulat kapwa sa kahalagahan ng kalikasan at sa kanyang sensibilidad at senswalidad bilang babae, at 2) mapanlinlang ang syudad, di mapagkatiwalaan ang salita ng kapitalista (dahil hindi nangyari ang inaasahang pangako ng pagtaas ng sahod) kaya sa kulminasyon ng makahulugang pakipagniig sa bana, ani Elena: "Tapos na ako sa tanan nga sari sang prenda kag gawad. Diri na ako sa uma maistar." Nagsasara ang sugilanon na pareho silang natatawa. Malutong. Matunog. Isang larawan na nangangako ng pagtuwangay ng babae at lalaki sa pagpasiguro ng isang maunlad at maayos na kapaligiran tungo sa magandang kinabukasan ng kanilang magiging anak.

Kung sa "Isa ka Pongpong nga Rosas," katuwang ng babae ang female gay - sa syudad- sa pagkilala sa sarili tungo sa mas responsible at malusog na relasyon, positibong relasyon naman ng babae at lalaki – sa ngayon - sa bukid sa rehiyon para sa maunlad na kinabukasan ang malagom nating visyon ng "Sa Taguangkan sang Lupa."

*Nasa sinapupunan ng lupa ang buhay.*

Sa puntong ito, masasabi nating hindi lamang ideyalistiko si Tan-Gonzales sa kanyang visyon ukol sa dinamiko ng relasyon sa pagitan ng babae at lalaki kundi romantiko din sa pagpapapili ng propesyonal niyang bidang babae na tumigil sa bukid sa halip na magpatuloy sa pakikibaka sa syudad o di kaya sa ibang bansa. Bago ko ihain ang aking posisyon sa bagay na ito, ipaloob muna natin si Tan-Gonzales sa tradisyon, partikular sa Hiligaynon, at sa kontemporaryong panulatan ng kababaihan sa bansa.

Naisawalat na halimbawa nina Joi Barrios at Neferti Tadiar na ang pagiging babae ay pamumuhay sa panahon ng digma;naitula na ni Ruth Elynia Mabanglo ang mga liham ni Pinay mula abrod, inanyayahan ang imperyalista, at itinanghal ang pagkakaroon ng mesa para sa isa; naitula na ni Merlinda Bobis ang kantada ni Daragang Magayon, at inihagkus ni Paz Verdades Santos ang ika-20 siglong kababaihang manunulat sa Bikol; nanawagan na si Benilda Santos ng revisyon ng pambansang panitikan; itinanghal na nina Tina Cuyugan ang erotika, at noon pa mang 1993, ibinandera na ni Lilia Quindoza Santiago ang PMK o *Panunuring Malay sa Kasarian*, at marami pang sarilaysay ng kababaihan na mababasa halimbawa sa mga pag-aaral nina Rosario Torres-Yu, Edna Zapanta-Manlapaz, Cristina Pantoja-Hidalgo. Gayunman, pinaniniwalaan ni Rosario Cruz Lucero na isa pa ring talinhaga ang maka-Pilipinong teoryang feminista. Pahayag niya sa "Ang Talinhaga ni Mariang Makiling: Isang Panimula sa Maka-Pilipinong Teoryang Feminista."

Suson-suson, paliku-liko't nagsasanga-sanga ang kasaysayan ng kababaihan sa ating panitikan, kung kaya't nag-iiba-iba ang tinig ng babaeng awtor sa kanyang akda. Nariyang tanggap niya ang de kahong pananaw sa pagkakaiba ng babae at lalaki ngunit hinahanapan niya ng paraang makatakas ang kanyang bidang babae sa kahong ito. Nariyang nilalarawan niya ang kadakilaan ng bidang lalaki ngunit di maiwasang ipahiwatig ang katangahang ito, nang di sinasadya (89).

Pinag-aralan ni Lucero ang iba't ibang anyo ni Mariang Makiling sa iba't ibang bersyon sa mga rehiyon at tinapos ang kanyang pag-aaral sa nobelang *Ang Dalaga sa Tindahan* (1935) ni Magdalena Jalandoni kung saan inilalarawan sa panggagahasa ng kababaehan ang pagkarimarim ng digmaan. Gayunman sa nobela, ligtas si Rosa, ang pangunahing tauhan ni Jalandoni, dahil nasa bukid siya nakatira: "Sa sini nga duog malinung kaayo kag daw wala na didto makalambot ang ginahud kag kinagamo nga humani sa mga adlaw sang ribuk." Kaya kongklusyon ni Lucero, sa pagkakahon sa babae sa isang buhay-pastoral, patuloy pa ring nakakulong si Mariang Makiling sa kanyang gubat sa bundok, ang kanyang metapora sa Filipina.

Ngayon, sa pagbabalik ni Elena sa bukid, tunay nga bang pagkakahon ito ng babae sa buhay-pastoral tulad ni Rosa, at kung gayon, patuloy na pagkakulong ng Ilongga dahil sa pagtakas?

**Hindi.** Ito ang gusto kong paniwalaan na sagot ni Tan-Gonzales. At bakit? Alalahanin natin na tigang ang lupa at kalbo na ang kabukiran kung kaya't kailangang ipasagawa ni Elena ang ganuong ritwal kay Andoy. Malinaw kay Tan-Gonzales na wala nang mababalikang kahapon, lalo na kung ang kahapong ito ay nangangahulugang kasaganaan ng kalikasan sa kabukiran sa mga rehiyon sa bansa. Sa madaling sabi, isang espasyo ang bukid para sa pakikibaka tungo sa alternatibong pamumuhay na hindi umiikot sa pagsasangla at pagtutubos (hindi lamang ng materyal na bagay kundi pati ng katawan, kaalaman, kaluluwa) kung kaya't bagama't tinatanghal ni Tan-Gonzales ang disiplina ng katawan at ang female/feminine writing, hindi niya binubukod ang karanasan ng babae at lalaki, partikular sa ilalim at gapos ng gahum ng kapitalismo.

Hindi kaaway ang lalaki. Kundi isang partner kung saan negosasyon ang kailangang ipagdiwang at hindi tunggalian base sa kanilang pagkakaiba.

Ipinapakita ng *Sa Taguangkan sang Duta* na sa panahong ginugupo ng kahinaan ang lalaki, papel ng babae na alalayan ito't turuan; hindi iiwanan. Ipinapakita ng sugilanon na responsable ang babae sa pagbuo ng bansa. Kung gayon, binibigyan ng redefinasyon ni Tan-Gonzales ang pagiging mapag-aruga ng babae. Hindi ito isang katangian na mapaniil kagaya ng ipinapaabot ng mga feministang radical, maging ng mga sikoanalitik. Kundi katangian itong tumutulay, humuhugpong sa babae't lalaki upang umusad ang buhay sa panahon – ngayong neyokolonyalismo na kakitaan ng krisis at maraming giyera.

Makikita ang ganitong visyon maging sa nauna niyang sugilanon noon pang 1989, ang "Tag-ilinit sa Uma." Dito, city girl ang bida, si Cristy, na lumaki sa Bacolod kung saan plantasyon ng tubo ang konsepto niya ng bukid. Isang Abril, sumama siya sa kaibigang si Auring sa pag-uwi nito sa kanilang bahay sa bukid sa isang probinsya ng Iloilo. Doon at naranasan ni Cristy ang lupit ng tag-init hindi lamang sa kanyang mga pawis at pagkauhaw kundi sa lungkot na hatid nito sa nangatuyong sapa at palayan at nangalayang punong-kahoy at halaman.

Ngunit katulad ng "Sa Taguangkan sang Duta," happy ending ito na nagsasara sa pangako ng pagbabalik ni Cristy sa bukid upang maging katuwang sa buhay ni Carding, nakakatandang kapatid ni Auring. Ito ay dahil pinaniniwalaan ni Cristy si Carding sa balak nito, bilang isang propesyonal, na ilapat ang natutunan sa unibersidad sa ikakaunlad ng pamumuhay sa bukid. At posibleng-posible ito dahil ani Carding: "Indi lubos nga mahubsan sang tubi ang sapa, Cris. Kon hakwaton mo ang mga bato may tubi sa idalum. Kon magkutkut ka sang manabaw makakita ka sang tubi. Ang tubi indi makita sa tanan nga bahin sang sapa nga nagailig, apang yara lamang ini sa punta sang imo mga tudlu."

Muli, walang buhay-pastoral sa bukid na nagpapasaklolo hindi lamang para sa

simbolikong ritwal ng pakikipagniig sa lupa, kundi para sa walang pantay na sipag at tiyaga ng katawan at imahinasyon. Hindi lamang kung gayon lumalagpas si Tan-Gonzales sa Kanluraning feminismo kundi umuusad din palayo sa romantiko at reyalistikong sugilanon ni Magdalena Jalandoni (1891-1978) – ang “Grand Dame ng Hiligaynon Literature” kung saan, produkto ng sarili niyang panahon, buhay ang mga akda nito ng bawal at sikretong pag-iibigan ng mahirap na babae at mayamang lalaki (“Si Anabella”) o ng mahirap na lalaki at mayamang babae (*Juanita Cruz*) o ng isang mayamang babae na nakakulong sa kanyang bahay na bato at nagsusulat at tumugtog ng piyano sa panahon ng dislokasyon sa pag-ukopa ng mga Hapon sa syudad ng Iloilo (*Sa Kapaang sang Inaway*).

Pagdating naman sa istilo ng pagsusulat, mararanasan kay Tan-Gonzales ang tradisyon mismo ng sugilanon na ayon kay Corazon Villareal sa *Translating the Sugilanon: Reframing the Sign* (1994), yumabong mula sa tradisyon ng composo (ballad), corido, Almanake, at pananglet (rule book) bagama’t pinaniniwalaan ko namang nang-ugat mismo ito sa tradisyon ng katutubong-naratibo tulad ng epiko at kuwentong-bayan, alinsunod sa nadiskubre ni Resil Mojares sa pinag-ugatan ng ating nobela sa kanyang *Origin and Rise of the Filipino Novel* (1983). Ayon pa kay Villareal, ipinapahiwatig ng sugilanon ang “a leisurely conversation, usually in a drawing room or some bench under the tree” ng mga taong kilala bilang “cariñoso, or gentle and warm in both their speech and ways (13).” Sa kanyang papel “Gladiators in a Fragile Arena: A Study of Protest and Confinement in the Sugilanon,” sinabi ni Teresa Wright na makikita ang nabanggit ni Villareal na *leisureliness, gentleness, at warmth* ng sugilanon - bilang tradisyon - sa limang katangian nito bilang anyong-pampanitikan:

1. The *sugilanon* begins its narrative quietly – it does not assault a reader with a “striking opening line.” It eases, rather than pushes or pulls, the reader into plot.
2. The *sugilanon* takes its time in developing the narrative, missing no detail, hiding nothing – the whole story must be told.
3. The *sugilanon*’s characters are stylized or conventional. There is nothing ambiguous about them because their motives are always clear and obvious, often even articulated by them.
4. The *sugilanon* has a lesson to share. It cannot end without imparting some kind of message, some last words that some up the point to which plot development and characterization have been leading all along.
5. The *sugilanon* tends to be romantic, in the sense of being both idealistic in its intentions and melodramatic in its effects. (46-47)

Ino-oyayi muna ni Tan-Gonzales ang kanyang mambabasa sa paunti-unti nitong paglala-rawan at pagsasaboy ng mga detalye at aksyon bago dalhin sa sukduhan ng pangyayari: ang kuwentuhan nina Gemma at Claire; ang pagpasagawa ni Elena ng ritwal sa banang si Andoy sa “Sa Taguankanang sang Lupa”, ang pananahan ng pag-ibig sa puso’t isipan nina Cristy at Carding sa “Tag-ilinit sa Uma.” Higit sa lahat, romantiko ang kanyang mga sugilanon sa nababanaag na pag-asa at masasaya nitong wakas. Sabihin pang ideyal ang pagtalikod sa syudad upang manirahan sa bukid na pinanawan na ng kasaganaan.

Ang pagiging kontra-gahum ni Tan-Gonzales, kung gayon ay nasa 1) **wika** (Hiligaynon) dahil alam nating nasa Ingles at Tagalog/Filipino nakasentro ang produksyon at publikasyon ng ating literatura, gayundin ang pagtuturo nito kahit pa may nasimulan nang hakbang sa pagtuturo ng literatura sa vernacular; 2) **anyo** (sugilanon) dahil binubuhay nito ang tradisyon ng sugilanon at hindi lamang sumusukob sa formalismo at/o

postmodernismong istilo ng pagsusulat, at 3) **laman** (karakterisasyon: babae + female gay; babae + lalaki; visyon: rehiyon/syudad).

At ano ang kabuluhan ng pagiging kontra-gahum ni Tan-Gonzales sa proyektong pag-aakda ng bansa? Nasa pagiging subersibo nito ang kabuluhan. Pinapaalingawngaw ng boses ni Tan-Gonzales ang pahayag ni Reyes sa *The Romance Mode in Philippine Literature & Other Essays* (1991) na subersibo ang literaturang popular sa pagiging ideyalistiko at romantiko nito dahil lumilikha ito ng ideyal na mundo at kung gayon, niyayanig ang reyalidad na di tinatanghal.

Sa mga sugilanon ni Tan-Gonzales, lumilikha ng tahimik na rebolusyon ang babae, female gay, at lalaki sa rehiyon bunga ng kaalamang natutunan sa kasaysayan at sa pakikipagtunggali sa buhay sa syudad. Sa paglagpas sa namamayaning kalakaran, iniimbitahan nito tayo na idekolonisa ang ating isipan, ang ating imahinasyon. Isipin halimbawa natin ang pagdiskurso sa pagkatuto ng kalalakihan; ang pagkontra sa pagkalbo't pagsira ng kagubata't kapaligiran. Isipin halimbawa natin na mababawasan ang trapiko sa syudad, ang komunidad ng tinatawag na urban poor, ang kawalan ng trabaho, at ang marami pang naratibo ng kahindik-hindik na pakikipagsapalaran sa loob at labas ng syudad. Isipin halimbawa natin na kung magahum ng "sa sinapupunan ng lupa ang buhay" ang ating mga lider, sisigla ang ating agrikultura at di malulunod sa palengke ang manga ng Guimaras, ang kape ng Batangas, ang gulay ng Baguio, at di na natin kailangang pagtulakan maging sunod na OFW ang ating mga kapatid, anak, kaibigan.

Ang literatura ay katotohanan na mismo, ani Cruz sa "Ang Bukod na Bukod: Sa Likuran ng Estetikang Filipino," at hindi lamang salamin o repleksiyon ng buhay kagaya ng itinuro sa atin ng mga teoryang Kanluranin. Pinaniniwalaan ni Cruz na isa itong kababawan na dapat na nating iwaksi dahil kapag patuloy nating paniniwalaan na sinasalamin lamang ng literatura ang buhay, patuloy pa ni Cruz, "para bagang nakakaahon sumandali ang isang likha sa agos ng buhay at panandalian nitong nakikita ang ilog ng katotohanan na dumaraan sa tabi niya. Para bagang ang isang lumikha ay maaaring maging hindi tao sa sandali ng paglikha (6)."

Sa pagbabasa, pagtuturo, pag-aaral, pagsasalin kay Alice Tan-Gonzales - sa ating "multi-lingual, multigeneric, multisubcultural" na literatura sa bansa, naitatanghal natin ang pagiging kasalukuyang babaylan sa nanatiling patriarkal at kapitalistang lipunan. Ito ang ating "sunlight on broken stones;" ang ating mala-"galaw ng asoge," at baka pa lamang magiging makatotohanan para sa atin ang pinagbubunyi ni Anderson na "the goodness of nation."

### **Mga Akdang Nabanggit**

Cruz, Isagani R. *Bukod na Bukod: Mga Piling Sanaysay*. David Jonathan Bayot, ed. Quezon City: University of the Philippines Press, 2003.

Cruz, Isidoro. *Cultural Fictions: Narratives on Philippine Popular Culture, Politics, and Literature*. Iloilo City: Libro Agustino, 2004.

Garcia-Castro, Leni. "Why Can't Philosophers Dance?" *Ideya* 1.1 (Sept. 1999): 75-89.

Jocano, F. Landa. Trans. *Hinilawod: Adventures of Humadapnon (Tarangban 1)*. Quezon City: Punlad Research House, 2000.



Lucero, Rosario Cruz. "Ang Talinhaga ni Mariang Makiling:Isang Panimula sa Maka-Pilipinong Teoryang Feminista." *Tinuba: History in Philippine Literary Texts*. Victor Sugbo, ed. Manila: National Commission for Culture and Arts, 2003.

Moi, Toril. *Sexual/Textual Politics*. London and New York: Routledge, 1985.

Reyes, Soledad. *The Romance Mode in Philippine Popular Literature and Other Essays*. Manila: De La Salle University Press, 1991.

Showalter, Elaine. *A Literature of Their Own: British Women Novelists from Bronte to Lessing*. New Jersey: Princeton University Press, 1999.

Tan-Gonzales, Alice. "Sa Taguangkan sang Lupa." John Barrios, trans. *Ani* 29 (2003): 120-142.

\_\_\_\_\_. "Tag-ilinit sa Uma." Leoncio P. Deriada, ed. *Ani* 10 (1989): 52-65.

\_\_\_\_\_. "Isa Ka Pongpong nga Rosas." Unpublished Manuscript.

Villareal, Corazon D. *Translating the Sugilanon:Re-framing the Sign*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1994.

Wright, Ma. Teresa. "Gladiators in a Fragile Arena: A Study of Protest and Confinement in the Sugilanon." Isagani Cruz, ed. *DLSU Dialogue: An Interdisciplinary Journal of Cultural Studies* 28, 1 (January 2003), 3-59.